



**PETSA:** Martes, Hulyo 27, 2021  
**KAY:** Mayor at mga Miyembro ng City Council  
**MULA SA:** Veronica Nebb, City Attorney  
Dawn G. Abrahamson, City Clerk  
**PAKSA:** **IKALAWANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKAKUHA NG INPUT MULA SA KOMUNIDAD HINGGIL SA REDRAWING NG ELECTION DRISTRRICT BOUNDARIES - ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO AY MAGSISIMULA SA ORAS NA 8:00 P.M. IMPUNTO**

### **REKUMENDASYON**

Inirerekumenda na ang City Council ay: 1) dapat makatanggap ng ulat mula sa staff at demographer sa redistricting process at permissible criteria na dapat ikonsidera para sa muling pagtatakda ng mga boundary ng distrito; at 2) magsagawa ng pampublikong pagdinig para makakuha ng input mula sa komunidad hinggil sa redrawing ng mga election district na boundary.

### **MGA DAHILAN PARA SA REKUMENDASYON**

Mamayang gabi ang ikalawa sa dalawang pre-map na Pampublikong Pagdinig. Tuwing sampung taon, ang mga lungsod na may by-district election system ay dapat gumamit ng mga bagong census data para ma-review at, kung kinakailangan, i-redraw ang mga district lines to mapakita kung paano nagbago ang mga lokal na populasyon. Ang prosesong ito, na tinatawag na redistricting, ay tinitiyak na ang lahat ng mga distrito ay may halos patas na populasyon. Ang proseso ng redistricting para sa Lungsod ng Vallejo ay dapat makumpleto sa o bago ang Abril 17, 2022.

### **BACKGROUND AT TALAKAYAN**

Ang layunin ng ikalawang pampublikong pagdinig na ito ay para mapaliwanag sa publiko ang tungkol sa proseso ng redistricting at marinig ang pananaw ng komunidad kung aling mga factor ang dapat na ikonsidera habang ginagawa ang mga boundary ng distrito. Hinihiling mula sa publiko na magbigay ng input hinggil sa mga komunidad na pinagkaka-interesan at iba pang mga lokal na factor na dapat ikonsidera habang ginagawa ang mga district map. Ang pinagkaka-interesan na komunidad sa ilalim ng mga nauugnay na Elections Code para sa mga lungsod (Sections 21601(c)/21621(c)) ay isang "populasyon na may magkakatulad na mga social o economic na interes na dapat isama sa iisang district para sa mga layunin ng mabisa at patas na pangangatawan sa mga ito."

Ang posibleng mga katangian sa pagtitiyak ng komuninad na pinagkaka-interesan ay kinabibilangan ng, walang limitasyon:

1. Pagpasok sa paaralan sa mga area;
2. Likas na naghahating mga linya tulad ng mga pangunahing kalye, mga hill, o highway;
3. Mga area na pumapalibot sa mga park at iba pang mga landmark sa neighborhood;
4. Mga karaniwang isyu, mga aktibidad sa neighborhood, o mga ikinababahalang may kinalaman sa lehislyasyon/eleksyon; at
5. Kahating mga demograpikong katangian, tulad ng:
  - (a) Katulad na mga level ng kita, edukasyon, o pagkakahiwalay sanhi ng wika;
  - (b) Mga wikang ginagamit sa bahay; at
  - (c) Single-family at multi-family housing unit areas.

Petsa: Hulyo 27,

**2021 Paksa: IKALAWANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKAKUHA NG INPUT MULA SA KOMUNIDAD HINGGIL SA REDRAWING NG ELECTION DISTRICT BOUNDARIES - ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO AY MAGSISIMULA SA ORAS NA 8:00 P.M. IMPUNTO**

---

---

### **Mga Requirement sa Wika para sa Redistricting**

Ayon sa Elections Code Section 21608, ang Lungsod ay dapat magkaloob ng mga serbisyong pang-wika sa naaangkop na mga wika, tulad nang ibinibigay ng Secretary of State. Alinsundod sa Elections Code Section 21608(h) ang naaangkop na mga requirement sa wika para sa mga layunin ng redistricting ng lungsod ay kinabibilangan ng anumang wika na ginagamit ng isang grupo ng mga residente ng lungsod na may limitadong kahusayan sa pananalita o pagsusulat ng wikang Ingles na bumubuo sa 3 porsiyento o higit pa ng total na populasyon ng lungsod na may edad na higit sa apat na taon kung kailan maaaring matiyak ang wika.

Noong Hunyo 11, 2021, nagpalabas ang Secretary of State ng patnubay sa mga lungsod hinggil sa mga requirement sa wika na ito. Dagdag pa sa wikang Ingles, ang Lungsod ng Vallejo ay kailangang magkaloob ng mga kuwalipikadong material at “live translation” (interpretation) na serbisyo sa Espanyol at Tagalog/Filipino kung hilingin ito ng di mas kaunti sa 72 oras na paunang abiso bago ang isang pagdinig o workshop. Nangangako ang Lungsod ng Vallejo na matiyak ang transparency o pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng ating komunidad na Spanish at Filipino. Ang mga serbisyo ng interpretation at lahat ng mga pagdinig ng council at mga workshop ay awtomatikong handang magagamit at ipagkakaloob. Sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng mga accommodation sa ilalim ng Americans with Disabilities Act (ADA), ay hinihiling na sabihin sa City Clerk sa pamamagitan ng email [dawn.abrahamson@cityofvallejo.net](mailto:dawn.abrahamson@cityofvallejo.net) ng di mas kaunti sa 72 oras bago ang isang pagdinig o workshop.

### **Mga Requirement sa Publikasyon at Pagbibigay abiso para sa mga Redistricting na Pampublikong Pagdinig**

Ayon sa Elections Code Section 210608(c) at 21608(g)(3), ang Lungsod ay kailangang “mag-publish” ng petsa ng pagdinig, oras, at lokasyon ng 5 araw bago ito maganap sa internet at ang website calendar ay satisfies this publishing requirement. At, ang mga abisong ito ay ilalathala sa Vallejo Times Herald. Noong Hulyo 6, 2021, ang impormasyon tungkol sa pampublikong pagdinig para sa item na ito ay nalathala sa Redistricting webpage calendar ng Lungsod <https://mapvallejo.org/schedule/> at nakalathala sa Vallejo Times Herald noong Hulyo 15, 2021.

Dagdag pa dito, para maparami ang lalahok na publiko, ginawa ng Lungsod ang mga sumusunod:

- Ang Lungsod ay, at patuloy na magpo-post ng redistricting na impormasyon sa iba’t ibang social media platform sa wikang Ingles, Espanyol, at Filipino, gamit ang iba’t ibang mga engagement tool, kasama na ang mga event, static posts, stories, hashtags, at calls to action.
- Ang Lungsod ay nag-post ng Abiso sa Pampublikong Pagdinig noong Hulyo 6, 2021 sa naitalagang redistricting webpage tulad nang nakatala sa talata sa itaas at ang mga subscriber na nag-sign up na makatanggap ng mga redistricting update ay binigyang abiso sa pamamagitan ng email at pati na rin iyong nag-sign up para makatanggap ng abiso ng mga Council meetign agenda sa pamamagitan ng Constant Contact.


### **Mapping Tools at Public Participation Kits**

Ang bagong “Fair Maps Act” ng California ay may malaking pagbabagong nagawa sa kriteriya para sa mapping kung ikukumpara sa mga tuntunin nang ang Vallejo ay sumailalim sa transisyon mula sa at-large at naging by-district na eleksyons. Ang demography consultant ng Lungsod, ang National Demographics Corporation (NDC), ay magbibigay ng mapping tools na kinakailangan para mabigyang kapangyarihan ang mga residente na ma-review ang mga draft maps at makapag-develop at mag-sumite ng sarili nilang mga map proposal. Ang Public Participation Kit (paper kits) ay handang makukuha sa wikang Ingles, Espanyol at Filipino/Tagalog.

Petsa: Hulyo 27,

**2021 Paksa: IKALAWANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKAKUHA NG INPUT MULA SA KOMUNIDAD HINGGIL SA REDRAWING NG ELECTION DRISTRRICT BOUNDARIES - ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO AY MAGSISIMULA SA ORAS NA 8:00 P.M. IMPUNTO**

Ang “Maptitude Online Redistricting” (MOR) tool ng Caliper Corporation’s ay isang professional at malakas na online mapping tool na nagpapahintulot sa mga residente na makapapag-develop at mag-sumite ng detalyadong mga district map proposal. Ang MOR screen ay mayroong plan map, isang dataview na naglilista ng mga kasalukuyang distrito at ang mga statistic nito, at isang dataview ng mga nakabinbin na pagbabago batay sa kasalukuyang mga kilos ng user. Sinuman ay maaaring lumikha ng isa o higit pang redistricting plans, na ipapadala sa NDC para sa karagdagang analysis.



(SAMPLE NA PANANAW NG MAPTITUDE ONLINE REDISTRICTING TOOL)

Nasa papel at Nasa Excel na Public Mapping Tools, na kilala rin bilang “Public Participation Kits,” ay available rin bilang isang paraan para sa paglalahok ng publiko. Habang lubos na popular ang mga online mapping tools, hindi nakakalimutan ng Lungsod iyong mga residente na walang access sa internet o mas gusto lang na hindi mag-drawing ng maps online. Ang una, at pinaka-simple, na Kit ay ang isang pahinang map na nagpapakita ng mga kalye, border ng lungsod, at bilang ng populasyon para sa nilikha ng NDC na “Population Unit” na geographic na area. Iguguhit ng mga residente ang mapa na nais nilang imungkahi at magdagdag sa mga bilang ng populasyon ng mano-mano hangga’t makuha nila ang wastong bilang ng populasyon kada distrito. Ang lahat ng mga instruksyon na kinakailangan ay nasa nasa single-page form mismo.

Ang ikalawang uri ng offline mapping tool ay para sa mga residente na hindi gustong gumamit ng online mapping tool, pero komportable na gamitin ang Microsoft Excel. Ang NDC ay nagkaloob ng katulad na simpleng isang pahinang map

Petsa: Hulyo 27,

**2021 Paksa: IKALAWANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKAKUHA NG INPUT MULA SA KOMUNIDAD HINGGIL SA REDRAWING NG ELECTION DRISTRRICT BOUNDARIES - ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO AY MAGSISIMULA SA ORAS NA 8:00 P.M. IMPUNTO**

---

noong mga parehong “Population Unit,” pero dito ay ipinapakita ang mapa ang Unit ID number kaysa sa bilang ng populasyon sa nasabing Unit. Tapos ay ilalagay ng mga residente ang kanilang gustong pagtatalagang distrito para sa bawat Population Unit sa isang preformatted na Excel spreadsheet, at kinukuwenta ng Excel ang total na populasyon at mga demograpiko ng bawat Distrito. Habang ang residente ay may mapa kung paano nila gusto, basta’t ipadala lang nila sa email ang Excel file sa [mapvallejo@cityofvallejo.net](mailto:mapvallejo@cityofvallejo.net)

Please use a thick dark-colored pen to draw your map, then submit it at City Hall or by email to [maps@cityofvallejo.net](mailto:maps@cityofvallejo.net).

You can hand-deliver, mail, fax, scan and email, or photograph and email your map.

Target Population in each of the six districts:  
19,324, with no more than a 1,932 person difference between the largest and smallest districts.

An online version of this map, which allows you to zoom in and out for more detail, is available as a link from the City website:  
[www.cityofvallejo.net/drawvallejo](http://www.cityofvallejo.net/drawvallejo)

Map layers  
Census Block  
Water Area  
Pipeline/Power Line  
Railroad  
River  
PopUnits  
Streets

Map Author's Name: \_\_\_\_\_  
Email: \_\_\_\_\_  
Phone: \_\_\_\_\_

©2016 CALIPER

(SAMPLE NA PANANAW NG PUBLIC PARTICIPATION KIT MULA 2018/2019)

Mga Susunod na Hakbang

Ang mga petsa para sa ika-3 at ika-4 na Pampublikong Pagdinig para ikonsidera ang mga draft map ay naka-schedule sa Enero 8, 2022 at Pebrero 8, 2022.

Isang virtual workshop ang gaganapin sa Sabado, Agosto 7 simula 10 a.m. Dagdag pa dito, ang mga workshop sa bawat isa sa kasalukuyang 6 na Distrito ay magaganap sa buwan ng Agosto 2021. Ang timeline na naglalaman ng lahat ng mga kinakailangang imormasyon para lumahok sa virtual o in-person na mga workshop ay ia-update sa 2021 Redistricting webpage ng Lungsod sa

Petsa: Hulyo 27,

**2021 Paksa: IKALAWANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKAKUHA NG INPUT MULA SA KOMUNIDAD HINGGIL SA REDRAWING NG ELECTION DRISTRIC BOUNDARIES - ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO AY MAGSISIMULA SA ORAS NA 8:00 P.M. IMPUNTO**

---

---

[www.mapvallejo.org](http://www.mapvallejo.org). Para patuloy ang pagsisikap na maparami ang paglahok ng publiko, papalakasin ng Lungsod ang mga social media platform nito, ang iba't ibang mga outlet para sa advertising, at maglalagay ng mga Press Release sa 2021 Redistricting webpage at sa Vallejo Times Herald.

**EPEKTONG PISKAL**

Walang epektong piskal ang nauugnay sa pagsasagawa ng Ikalawang Pagdinig.

**PAGREREPASO NA MAY KAUGNAYAN SA KAPALIGIRAN**

Ang kilos na ito ay hindi kasama sa California Environmental Quality Act (CEQA) dahil di ito isang proyekto na may posibilidad na magresulta sa isang direkta o pisikal na pagbabago sa kapaligiran, o isang makatuwirang maaasahang di direktang pisikal na pagbabago sa kapaligiran, alinsunod sa CEQA Guideline section 15378.

**MGA KALAKIP**

1.	June 22, 2021 1st Pre-Map Public Hearing Staff Report
----	---

**MAKIPAG-UGNAYAN:**

Dawn G. Abrahamson, City Clerk (707) 648-4527

[Dawn.Abrahamson@cityofvallejo.net](mailto:Dawn.Abrahamson@cityofvallejo.net)